



Republic of the Philippines  
Department of Environment and Natural Resources  
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City  
Tel Nos. (632) 929-66-26/28; 929-6635/929-3618/929-4028  
IP Phone Trunkline No. 988-3367  
Website: <http://www.denr.gov.ph/> E-mail: [web@denrgov.ph](mailto:web@denrgov.ph)



## MEMORANDUM

TO : The Directors  
Environmental Management Bureau  
Biodiversity Management Bureau  
Ecosystems Research and Development Bureau  
Land Management Bureau  
Policy and Planning Service  
Legal Affairs Service  
  
The Regional Executive Director  
DENR –Region III  
  
The Executive Director  
National Water Resources Board

FROM : The Assistant Secretary  
Field Operations-Mindanao and Legislative Affairs

SUBJECT : **INVITATION FROM THE COMMITTEE ON GOVERNMENT ENTERPRISES AND PRIVATIZATION**

DATE : 12 March 2021

---

This pertains to the letter dated 11 March 2021, received by this Office 12 March 2021, from Committee Secretary Marlon T. Valencia, Committee on Government Enterprises and Privatization, inviting DENR to a Zoom meeting on **17 March 2021 (Wednesday) at 9:00 AM** with **Meeting ID: 860 4212 3830 Password: 870598**, relative to the privilege speech of Rep. Estrellita Suansing on the privatization of Talavera Water District delivered on 01 March 2021, copy attached.

Kindly inform this Office of your attendance before the scheduled date of the meeting and submits presentation, comments and/or position paper, if any, in hard and soft copy at the Legislative Liaison Office at telephone number 8920-1761 and e-mail address [denrlegislative@yahoo.com](mailto:denrlegislative@yahoo.com) for consolidation.

JOAN A. LAGUNDA, D.M., D.P.A.

MEMO NO. 2021 - 235



Office of the Secretary &lt;osec@denr.gov.ph&gt;

---

**Meeting, House of Representative, Marc 17, 2021**

1 message

**House Committee on Government Enterprises And Privatization**

&lt;committee.governmententerprises@house.gov.ph&gt;

To: osec@denr.gov.ph

Fri, Mar 12, 2021 at

2:21 PM

Dear Secretary Cimatu,

Please see attached the invitation to a meeting with the members of House of Representatives on March 17, 2021, Wednesday, 9:00 AM

Thank you.

Best regards,

**COMMITTEE ON GOVERNMENT ENTERPRISES & PRIVATIZATION**

CTSS-I, Committee Affairs Department

3rd Floor, Ramon V. Mitra Building

House of Representatives Complex

Constitution Hills, Quezon City

Telefax: (02) 89513028

Mobile: 0917 8461089

Email: [committee.governmententerprises@house.gov.ph](mailto:committee.governmententerprises@house.gov.ph)

---

**CONFIDENTIALITY NOTICE**

The contents of this email message and any attachments are intended solely for the addressee(s) and may contain confidential and/or privileged information and may be legally protected from disclosure.

If you are not the intended recipient of this message or their agent, or if this message has been addressed to you in error, please immediately alert the sender by reply email and then delete this message and any attachments. If you are not the intended recipient, you are hereby notified that any use, dissemination, copying, or storage of this message or its attachments is strictly prohibited.

---

**2 attachments** **DENR.docx**  
28K **Privilege Speech\_Talavera Water District.pdf**  
191K



## COMMITTEE ON GOVERNMENT ENTERPRISES AND PRIVATIZATION

CTSS-I, Committee Affairs Department

3<sup>rd</sup> Floor, Speaker RVM Building, House of Representatives, Constitution Hills, Quezon City

Telephone and Fax No. (02)-8951-3028; Email: [committee.governmententerprises@house.gov.ph](mailto:committee.governmententerprises@house.gov.ph)

March 11, 2021

**ROY A. CIMATU**

Secretary

Department of Environment and Natural Resources

Visayas Avenue, Quezon City

Dear **Secretary Cimatu**,

The Committee on Government Enterprises and Privatization, House of Representatives invites you to a zoom meeting relative to the privilege speech of Rep. Estrellita Suansing on the privatization of Talavera Water District delivered on March 1, 2021:

<b>DATE</b>	:	<b>March 17, 2021, Wednesday, 9:00 AM</b>
<b>PLATFORM</b>	:	<b>ZOOM Meeting App</b>
<b>MEETING ID</b>	:	<b>860 4212 3830</b>
<b>PASSWORD</b>	:	<b>870598</b>

Copy of the privilege speech is hereto attached for your reference

Thank you.

Very truly yours,

**MARLON T. VALENCIA**

Committee Secretary

**Privilege Speech**  
**on the Privatization of the Talavera Water District**

**By Hon. Estrellita B. Suansing**  
First District of Nueva Ecija

Mr. Speaker, Distinguished Colleagues in this august Chamber, Magandang Hapon po sa ating lahat.

It was the late Anglo-American poet W.H. Auden who wrote, "Thousands have lived without love, [but] not one without water." There is no use to define the importance of water in our daily lives; we all come to recognize it every day, every minute, every second. Not only does it enable life itself, but it also enables the exercise of what makes life worth living. Accessibility to water is a human right, and allows for all human rights. Our right to food, to provide and protect ourselves and our families, our right to education, to health, to mobility, to leisure, and to form and define our very society all depend on our basic right to access clean, potable water.

I stand here today to bring to the attention of this Chamber, to all our countrymen, especially to my constituents in the First District of Nueva Ecija, an issue that threatens the right of citizens to have low-cost, quality access to water in the Municipality of Talavera.

Noong mga nakaraang linggo, naipabatid sa akin ng ilang mga mamamayan mula sa bayan ng Talavera ang di umanong plano na isapribado ang Talavera Water District. Nais itong ipasailalim sa Pamana Water Corporation na pagmamay-ari ng negosyante na si Lucio Co. Nang naipabatid sa akin ang planong ito ay nagsiyasat ang aming opisina tungkol sa planong ito, sa kasalukuyang performance ng Talavera Water District, pati na rin sa mga posibleng epekto ng nasabing pagsasapribado nito sa presyo ng tubig, sa kawalan ng trabaho ng mga kasalukuyang empleyado nito, sa paglalaan ng tubig sa lokal na komunidad at sa iba pang potensyal na epekto nito sa mga ordinaryong mamamayan ng Talavera.

Base sa technical literature tungkol sa pagsasapribado ng water utilities, tatlo ang primerong rason para sa pagsasapribado ng pamamahala ng water distribution. UNA, kung mababa ang coverage area ng water distribution system at kung hindi nila napapalawig ito. IKALAWA, kung mababa ang water quality at service quality na ibinibigay nito. IKATLO, kung hindi maganda ang pagpapatakbo at nalulugi ito.

Alinman sa mga tatlong rason na ito ay hindi nakikita sa kasalukuyang operasyon ng Talavera Water District. Ayon sa aming pagsusuri sa performance ng Talavera Water District, lumalabas na

maganda ang operasyon nito. Una, mataas ang coverage area nito. 98% na ng serviceable area sa Bayan ng Talavera ang nalagyan ng pipes at nahahatiran na ng tubig mula sa water district. Ikalawa, walang kasalukuyang hinaing ang ating mga kababayan pagdating sa water quality o sa putol-putol na serbisyo ng tubig. Ikatlo, hindi nalulugi ang water district. Sa katunayan, consistently profitable ito mula noong ito ay itinayo noong 1989.

Kaya nga aming ipinagtataka kung bakit nagkakaroon ng planong isapribado ang Talavera Water District ngayon, dahil mukha namang walang problema sa operasyon nito: 98% ng bayan ay naseserbisyohan na ng tubig, maayos ang kalidad ng serbisyo ng tubig, at hindi ito nalulugi.

Kaya pagtapos ng aming paunang pagsisiyasat sa isyu na ito, tumatayo po ako ngayon dito sa Kongreso upang ipahayag ang aking mariing pagtutol sa pagsasapribado ng Talavera Water District. Tumututol ako dito hindi lamang dahil maganda ang kasalukuyang operasyon nito. Higit dito, alam kong malaki ang magiging pinsala nito sa aking mga kababayan sa Talavera. Dalawa rito ang nais kong bigyang atensyon. Una, ang pagtaas ng service fees, at ikalawa, ang pagkawala ng trabaho ng maraming mga empleyado ng Talavera Water District tulad ng mga maintenance at administrative personnel.

Una, ang pagtaas ng service fees. Dahil paghahanap ng kita ang pangunahing layunin ng mga pribadong kumpanya tulad ng Pamana Water Corporation, at dahil hindi na kontrolado ng gobyerno ang presyo ng tubig, maaaring tumaas ang water service fees sa buong Talavera. Ikalawa, ang kawalan ng trabaho. Maraming mga empleyado ang matatanggal dahil sa reorganization at restructuring. Ibig sabihin nito, magbabawas at magpapalit sila ng mga empleyado.

Kung mangyayari ang mga ito, hindi lamang ito labag sa layunin ng gobyerno na protektahan ang karapatan ng mga mamamayan sa paggamit ng tubig, pero ito ay magiging karagdagang pabigat sa ating mga kababayan sa bayan ng Talavera lalo na ngayong panahon ng pandemya. Sa panahon ng napakalaking pinsala sa kabuhayan ng ating mga kababayan, ang pagtaas ng presyo ng tubig at ang kawalan ng trabaho ay hindi na dapat idagdag sa mga pasanin ng ating mga kababayan na kasalukuyan nang hirap sa pagtugon sa kanilang pangaraw-araw na pangangailangan.

Higit sa lahat, ako po ay tumatayo dito ngayon hindi lamang para iulat sa Kongreso ang planong ito, pero para na rin ipabatid ito sa aking mga minamahal na mga kababayan sa Bayan ng Talavera.

Base sa pakikipag-usap ko sa aking mga kababayan, hindi man lang alam ng mga mamamayan ng Talavera na merong ganitong usapin ukol sa pagsasapribado ng Talavera Water District. Hindi man lang nila alam na kasalukuyan nang nakikipag-usap ang kanilang LGU sa isang pribadong kumpanya tungkol sa pagsusulong ng planong ito.

Kaya sa aking mga kababayan sa Talavera, nandito ako alinsunod sa aking tungkulin sa inyo bilang inyong representante sa Kongreso, para ipabatid sa kinauukulan at sa inyo ang isyu na ito at ang mga mapinsalang epekto nito sa inyong mga karapatan at kabuhayan. Karapatan ninyong malaman ang ginagawa ng inyong mga kinatawan sa gobyerno at kung papaano ito makakaapekto sa inyo. Ang aking tanging hiling ay sa pagsisiwalat ng impormasyon na ito ay hawak kamay nating ipaglaban ang inyong mga karapatan. Asahan ninyo na hanggang sa aking huling hininga, kayo ay aking poprotektahan at ipagtatanggol.

Alinsunod din sa aking tungkulin bilang Kinatawan ng Unang Distrito ng Nueva Ecija, Mr. Speaker, I now call on this august chamber to immediately conduct an inquiry into the alleged privatization of the Talavera Water District, in order for the distinguished members of this body to carefully scrutinize the motives for such, the objectives of privatizing this institution and the



potential effects that it may bring forth to the people of Talavera, Nueva Ecija.

In pursuit of such inquiry, may I call on this august chamber to refer this matter to the appropriate committees of the House of Representatives, to immediately conduct an inquiry and invite the concerned parties, including the Chief Executive of the Local Government of Talavera, the President of the Pamana Water Corporation, the Administrator of the Local Water Utilities Administration, the General Manager of the Talavera Water District, its Board Members and the Officers of the Talavera Water District Employees Association.

Ang paggamit ng tubig ay isang karapatan. Dahil ito ay isang karapatan, may responsibilidad tayo bilang mga kinatawan ng bayan na siguraduhin at pagtibayin ang pangkalahatang paglaan ng tubig sa ating mga kababayan. Higit sa lahat, may responsibilidad tayo para protektahan ang ating mga kababayan sa mga pagpapatupad ng mga planong maaaring makapinsala sa kanilang kapakanan at lalabag sa kanilang mga karapatan. Aking hiling na panindigan ng Kongreso ang mga tungkulin nito sa ating mga kababayan at pangalagaan ang karapatan ng lahat sa pakikinabang sa paggamit ng tubig, marangya man o maralita.

Maraming Salamat po, magandang hapon po, at patnubayan  
po tayo ng Diyos.